The letter of **Adeline Alano** resonates with that of a concerned citizen, whose words resound with the agony of a wounded Manila Bay, still bearing the scars of a five-year ordeal wrought by a foreign dredging firm. With an eye keenly attuned to the plight of the environment, she weaves a tale of woe, of a landscape despoiled by greed and avarice.

Dear Manila Bay,

Ito ay isang liham na para sa Manila Bay. Isang dekada din naman na naging maganda ang Manila Bay, maganda ang tanawin at kapaligiran.

Limang taon ang nakakaraan, hanggang ngayon sa kasalukuyan ay paghihirap na ang dinaranas ng mamamayan sanhi ng pagdating ng reklamasyon at dredging sa Manila Bay. Ok pa sana ang buhay ng maliliit na mangingisda sa bayan ng Rosario. Kahit paano ay nakakahuli pa ang mga mangingisda sa bayan ng Rosario at Tanza subalit isang taon ang lumipas, biglang nagpatawag ng isang pagpupulong ang San Miguel. Isa ako sa mga dumalo dahil isa akong officer ng Pamalakaya sa Wawa-3, Rosario, Cavite.

Sa aming pagpupulong, nagbabala sila na maglalagay ng barko sa Manila Bay upang maghakot ng buhagin na dadalhin sa Bulakan. Ito daw kuno ay pipirmahan na.




Ako'y biglang nagulat dahil naisip ko agad, paano na ang mga mangingisda sa parte ng Manila Bay? Paano na yung mga coral reefs doon? Ito'y mawawasak, mawawala na ang mga isda. Paano na ang mga Yamang dagat natin? Sino na ang magtatamasa nito? Paano na ang maliliit na mangingisda? Mawawalan na sila ng kabuhayan. Magugutom ang kanilang mga pamilya.

Taong 2022 nang ito'y kanilang inumpisahan. Halos isang taon na ang nakakalipas ngayon. Kagutuman na ang dinaranas ng mga maliliit na mangingisda sa bayan ng Rosario.

Sana po ang liham kong ito ay inyong mabigyan ng pansin upang maresolbahan ang problema ng mga mangingisda sa bayan ng Rosario.

Salamat.
**Adeline Alano**